



LET'S DO THIS – Filipino

Ang mga taong nasa edad 16 na taon at mas matanda ay inirerekomendang mabakunahan ng isang COVID-19 booster sa lalong madaling panahon

Bakit kailangan ang isang booster?

Kahit nagkasakit ka na ng COVID-19, ipinapakita ng mga pag-aaral na ang iyong naturalesa (immunity) ay magsisimulang bumaba sa paglipas ng panahon.

Ang isang dosis ng booster ay nagpapaalala sa iyong naturalesa kung paano hanapin at labanan ang virus. Ang booster ay nagpapabisa ng iyong proteksyon laban sa malubhang pagkakasakit mula sa COVID-19 ng hanggang 95%.

Sino ang maaaring makakuha ng isang booster na bakuna?

Ang mga taong nasa edad 16 na taon at mas matanda ay maaaring makakuha ng isang pagbabakuna ng booster pagkalipas ng 3 buwan mula sa kanilang pangalawang dosis ng bakuna laban sa COVID-19.

Kahit ang mga bata at malulusog na tao ay dapat magpabakuna ng isang booster. Sa panahon ng taglamig, ang panganib na mahawahan ng isang virus ay mas mataas, kaya ang isang pagbabakuna ng booster ay isang simpleng hakbang na maaari mong gawin upang manatiling ligtas ang iyong sarili at ang mga nasa paligid mo.

Kailangan ko ba ng isang booster kung nagkasakit na ako ng COVID-19?

Oo. Ang naturalesa ng bawat isa laban sa hinaharap na impeksyon ay magkakaiba. Ang mga booster ay maaaring magpatibay sa iyong proteksyon ng hanggang 95% laban sa malubhang sakit.

Maaari kang magpabakuna ng isang booster kapag lubos ka nang gumaling mula sa virus. Para sa karamihang tao, ito ay humigit-kumulang na 4 hanggang 6 linggo paglipas ng impeksyon.

Anong mga bakuna ang mayroon para sa isang booster dose?

Ang mga bakunang Pfizer at Moderna mRNA ay inirerekomenda bilang booster dose para sa mga taong nasa edad 18 taon at mas matanda, kahit binakunahan ka ng ibang marka ng bakuna sa iyong unang dalawang dosis. Ang bakunang Pfizer ay inaprubahang booster para sa mga taong nasa edad 16 – 17 taong gulang.

Ang bakunang AstraZeneca ay maaaring gamitin kung ang isang bakunang mRNA ay hindi puwedeng magamit dahil maaaring nakakasama ito sa isang indibidwal (medically contraindicated), o tinanggihan ng tao na mabigyan ng isang mRNA na bakuna. Ang bakunang Novavax ay maaaring gamitin kung walang ibang bakuna laban sa COVID-19 na na natukoy na nababagay para sa taong iyon.

Makakaranas ba ako ng mga side effect mula sa isang booster?

Maaari kang makaranas ng mga karaniwang, banayad na masamang epekto (side effect) kapag magpapainiksyon ng iyong booster dose, katulad noong pagkatapos ng unang dalawang dosis. Maaaring kabilang dito ang masakit na braso, lagnat, pananakit ng kalamnan o napapagod. Makipag-usap sa iyong GP (doktor) kung ikaw ay nababahala.

Bakit hindi karapat-dapat na mabigyan ng booster ang mga taong wala pang 16 taong gulang?

Ang mga booster dose ay kasalukuyang hindi inirerekomenda para sa mga taong wala pang 16 taong gulang. Sa pangkat ng edad na ito, ang malalang sakit mula sa COVID-19 ay bihira, at ang unang dalawang dosis ay nagbibigay ng isang matibay na panangga sa sakit.

Ligtas bang magkaroon ng isang pagbabakuna ng booster sa panahon ng pagbubuntis?

Ang isang booster dose ay ligtas at inirerekomenda para sa mga buntis na nabakunahan na ng dalawang dosis laban sa COVID-19.

Sa pamamagitan ng pagbabakuna, pinoprotektahan mo rin ang iyong sanggol. May ebidensya na ang proteksyon na natatanggap mo mula sa bakuna ay naipapasa mo rin sa iyong sanggol.

Ipinapakita ng malawak na ebidensya na ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay ligtas kung ikaw ay buntis, nagpapasuso o sinusubukang mabuntis. Hindi nito nakakaapekto sa iyong kakayahan na magkaanak.

Nababagay ba para sa akin ang mga sangkap ng bakuna?

Lahat ng mga sangkap na ginagamit sa mga bakuna laban sa COVID-19 ay nakalista sa **Australian Register of Therapeutic Goods (Talaan ng Kagamitan sa Paggamot ng Australya)**.

Sa mga naaprubahang bakuna laban sa COVID-19 sa Australya, walang:

- > naglalaman ng itlog o mga produkto mula sa hayop
- > naglalaman ng anumang buhay na virus na nagiging sanhi ng COVID-19
- > maaaring makaapekto o makipag-ugnay sa iyong DNA sa anumang paraan
- > naglalaman ng maaaring magamit sa pagmamanman sa iyo
- > hindi nararapat para sa mga tao mula sa mga ilang relihiyon o paniniwala.

Kung ikaw ay nag-aayuno bilang bahagi ng pistang pagdiriwang, ligtas kang mabigyan ng bakuna at booster laban sa COVID-19. Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay hindi sisira sa iyong pag-aayuno dahil ang mga ito ay hindi nagiging sanhi upang pumasok sa iyong tiyan ang anumang bagay.

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay hindi nagpapabago sa iyong DNA o nagpapabago sa iyong mga gene. Ang mga bakuna ay nagtuturo sa iyong katawan kung paano maprotektahan ito laban sa COVID-19 at pinoprosesong ilabas sa loob ng ilang araw. Hindi ito nakakaapekto o nakikipag-ugnayan sa iyong DNA sa anumang paraan.

Sapilitan ba ang mga pagbabakuna ng booster?

Hindi, gayunpaman kung ikaw ay nararapat at hindi nagpabakuna ng isang booster dose nang mahigit 6 na buwan pagkalipas ng iyong pangalawang dosis, hindi ka na itinuturing na nasa panahon pa ang iyong mga pagkakabakuna laban sa COVID-19 at magiging lampas ka na sa taning (overdue).

Ano ang karagdagang taglamig (winter) na COVID-19 booster at sino ang dapat na magpabakuna nito?

Ang ilang mga tao ay mas nanganganib na magkaroon ng malubhang pagkakasakit mula sa COVID-19. Upang maprotektahan ang mga taong ito bago ang taglamig, isang karagdagang (pangalawa) booster dose ay inirerekomenda.

Mula Abril 2022, nararapat ka para sa isang bakuna laban sa COVID-19 sa taglamig (pangalawang booster) kung ikaw ay:

- > nasa edad na 65 taon o mahigit
- > isang Aborihinal at Torres Strait Islander na nasa edad 50 taon at mahigit
- > residente ng isang pasilidad sa pangangalaga ng mga matatanda o pangangalaga ng may kapansanan
- > nasa edad na 16 taon at mahigit at matinding immunocompromised (nakakumpromiso ang naturalesa). Para sa mga tao na nasa pangkat na ito, ang dosis ng bakuna sa taglamig ay ang panlimang (5) dosis ng bakuna laban sa COVID-19 (tatlong pangunahing dosis, pangunahing booster at winter booster).

Maaari kang magpabakuna a ng iyong winter COVID-19 booster pagkalipas ng 4 na buwan mula sa iyong unang booster dose, o 4 na buwan pagkatapos ng isang nakumpirmang impeksyon ng COVID-19 kung nagkasakit ka ng COVID-19 mula sa nauna mong booster dose.

Karamihan sa mga taong karapat-dapat para sa isang karagdagang taglamig na bakuna laban sa COVID-19 ay nararapat ding makatanggap ng isang libreng bakuna laban sa trangkaso.

Ligtas bang magkasabay ang pagbabakuna laban sa COVID-19 at trangkaso?

Ligtas at kapaki-pakinabang na magkaroon ng magkasabay na bakuna laban sa COVID-19 at ang bakuna laban sa trangkaso. Bisitahin ang iyong GP o botika kung nais mong magkasabay na mabakunahan sa mga ito.

Humanap ng isang appointment

Ang mga appointment para sa booster ay magagawa sa libo-libong mga lugar sa buong NSW, kabilang ang mga botika at doktor (GP).

Karamihan ng mga klinika ng NSW Health ay tumatanggap rin ng mga 'walk-ins' (walang appointment na pagbisita) na ibig sabihin ay hindi mo na kailangan ang magpareserba.

- > Humanap ng isang appointment o mag-walk-in sa isang [NSW Health vaccination clinic](#).
- > Humanap ng isang appointment sa isang [klinika, GP o botika na malapit sa iyo](#).

Kung nangangailangan ka ng tulong upang magreserba ng isang appointment, tumawag sa National Coronavirus Helpline (Pambansang Linya ng Tulong sa Coronavirus) sa **1800 020 080** at pindutin ang opsyon 8 para sa mga serbisyo ng pag-iinterpret.